

6. Mga serbisyong dental o para sa ngipin

Sa Queensland, ang mga serbisyo para sa ngipin o dental ay ibinibigay sa pampublikong serbisyong dental o para sa ngipin nang walang bayad, at ng mga pribadong dentista. May mga mahigpit na panukatan (criteria) na kailangan mong maabot para magamit ang mga libreng serbisyo. Kailangang mayroon kang Pangangalaga sa Kalusugang Kard (Health Care Card), Konsesyon sa Pensiyon Kard (Pension Concession Card) at /o Pangmatandang Kard (Seniors Card). Kailangan ka ring maging isang residente ng Queensland

Pampublikong serbisyo para sa ngipin o dental

- ang Queensland Health ay may 520 na mga pampublikong klinika para sa ngipin o dental. Upang matagpuan ang pinakamalapit na pampublikong klinikang malapit sa iyo, tingnan sa ilalim ng Queensland Health, Dental (Oral) Health Services sa mga puting pahina (White Pages) ng direktoryo ng telepono. Maari ring tawagan ang 13HEALTH sa 13 43 25 84
- marami sa mga klinikang ito ang may mahabang listahan sa paghihintay para sa pangkalahatang paggagamot sa ngipin. Sa ilang mga purok, ang panahon ng paghihintay ay higit pa sa tatlong taon.

Mga Serbisyo para sa may-edad na – libreng pampublikong klinika para sa ngipin o dental

- ang mga may-edad na at ang kanilang mga sustentado na mayroong isa sa mga sumusunod na kard na ibinigay ng Centrelink ay makakagamit nang walang bayad sa mga klinikang ito:
 - Konsesyon sa Pensiyon Kard (Pension Concession Card)
 - Pangangalaga sa Kalusugang Kard (Health Care Card)
 - Konsesyon ng Pensyonadong Kard (Pensioner Concession Card) – ibinibigay ng Kagawaran ng Kapakanan ng Mga Beterano (Department of Veteran's Affairs)
 - Senior Kard ng Queensland (Queensland Seniors Card)
 - Pangkalusugang Senior Kard ng Komonwelt (Commonwealth Senior Health Card)
- kung ikaw ay walang isa man sa mga kard na ito, dapat kang pumunta sa isang pribadong dentista.

Serbisyo para sa ngipin o dental sa paaralan

- ang lahat ng mga anak ng naninirahan sa Queensland na mula sa apat na taong gulang at hindi pa nakatapos ng Year 10 sa paaralan ay karapatdapat sa libreng mga serbisyo ng pampublikong dentista. Ang serbisyong ito ay magagamit ng lahat, ano man ang kinikita
- ang mga hindi pang-emerhensiyang paggagamot sa ngipin ay ginagawa sa mga paaralan sa pamamagitan ng nakapirmi o palipat-lipat na mga klinika (dental caravans). Ang paggagamot sa mga paaralan ay halinhinan o turnuhan. Ang pag-aalok ng paggagamot sa ngipin o dental ay ginagawa sa pamamagitan ng pagpapadala sa inyong bahay ng isang pormularyo ng pagpayag sa paggagamot
- ang mga pormularyo ng pagpayag ay ibinibigay sa lahat ng mga estudyanteng nakatala sa paaralan sa pagsisimula ng serbisyo sa loob ng bawat paaralan
- kung sarado ang klinika sa paaralan o hindi magagamit, dalhin ang inyong anak sa pinakamalapit na klinika para sa ngipin o dental para sa emerhensiyang paggagamot.

Emerhensiyang paggagamot sa Ngipin o Dental

- ang pang-dental na emerhensiya ay isang sitwasyong may kasamang kagyat na panganib sa kalusugan ng isang tao kabilang ang nakababalisang pagkapinsala sa ngipin o mukha, matagal na patuluyang pagdurugo o pamamaga ng mukha
- bawat Distrito ng Pangkalusugang Serbisyo ay may sarili nilang mga pamamaraan sa pang-dental na emerhensiya at ang mga tao ay karaniwang tinatasan batay sa kanilang pangangailangan.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay nasa mga 10 serye. Ang kompletong set:

1. Sistemang pangkalusugan sa Queensland
2. Pagpapatingin sa doktor
3. Mga gamot
4. Mga ospital sa Queensland
5. Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad
6. Mga serbisyong dental o para sa ngipin
7. Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan
8. Pananatiling malusog at pag-iwas sa sakit
9. Mga serbisyong pangkalusugan at pangsuporta para sa mga partikular na grupo
10. Ikaw at ang sistema ng serbisyong pangkalusugan

6. Mga serbisyong dental o para sa ngipin

Mga Pribadong Dentista

- kapag nagpatingin ka sa isang pribadong dentista, kailangang bayaran mo ang serbisyo. Ang mga dentistang nagtatrabaho nang pansarili/pribado ay matatagpuan sa maraming lugar sa buong Queensland gaya ng mga lugar sa labas ng siyudad (suburbs) at mga sentro ng pamilihan.
- para makahanap ng isang pribadong dentista, hanapin sa dilaw na pahina (Yellow Pages) ng direktoryo ng telepono sa ilalim ng listahang "dentists"
- kung mayroon kang pribadong pangkalusugang seguro, dapat mong alamin kung aling mga serbisyong dental ang magagamit mo. Kahit na mayroon kang seguro pang-dental, maaaring hindi masagot nito ang lahat ng mga kailangang bayaran
- bago sumubo sa malakihang pagpapagawang dental, makabubuting humingi muna sa dentista ng isang nakasulat na kwenta ng magagastos.



Interpreter

Mga Tagasalin sa Wika o Interprete

- kung gagamit ka ng serbisyong pampubliko sa Queensland, may karapatan kang humiling ng isang propesyonal na tagasalin ng wika/interprete kung kailangan mo.
- ang paggamit ng interprete ay walang bayad, at maaari silang magsalin sa telepono o harapan, kung saan ka naroon.
- ang patakaran ng Queensland Health ay hindi gagamit ng mga kaibigan at kapamilya maliban lamang kung may biglaang pangangailangan. Kung ang kaibigan o kapamilya ay wala pang 18 taong gulang, hindi sila dapat na gamitin sa anumang mga pagkakataon
- ang mga pribadong dentista ay maaaring hindi magbigay ng isang interprete kung hindi mo babayaran ito.

